Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI – KANLURANG VISAYAS
PAMPAARALANG SANGAY NG AKLAN

Agosto 25, 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 487, s. 2026**

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepeng Tagamasid
Tagamasid Pangsangay
Tagamasid Pampurok
Prinsipal na Namumuno ng Purok/
Ulong Gurong Namumuno ng Purok
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Iba pang Kinauukulan

1. Kalakip ay Memorandum Panrehiyon Blg. 817, s. 2026, na may pamagat na 'Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2026,' na naglalaman ng mga gawaing isasagawa alinsunod sa mga itinakdang alituntunin sa DepEd Order No. 9, s. 2026.

2. Hinihiling ang agarang pagpapalaganap at pagtalima sa Memorandum na ito.

**FELICIANO C. BUENAFE JR., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Enclosures: Memorandum Panrehiyon Blg: 817, s. 2026
Allotment: 1-(R.O. 12-94)
To be included in the Perpetual Index
under the following subject

**FILIPINO**
**PAGDIRIWANG**
**WIKA**

MST

Poblacion, Numancia, Aklan
Tel/Fax No. (265 3740 l 265 3741 l 265 3743)
Website: https://depedaklan.online
Email Address: aklan.1958@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VI-WESTERN VISAYAS

AUG 13 2026

REGIONAL MEMORANDUM
No. 817, s. 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

To: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sa mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Tanggapang ito, sa pamamagitan ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) ay nakikiisa sa nasabing pagdiriwang na may temang "Wikang Filipino at Al: Kasangkapan sa Pananalikaik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon." Layunin ng pagdiriwang na kilalanin at higit pang itampok ang mahalagang papel ng Wikang Filipino bilang daluyan ng kaalaman, pagkakakilanlan, at mabisang komunikasyon. Kasabay nito, binibigyang-diin din ang makabuluhang ambag ng Artificial Intelligence (AI) bilang makabagong kasangkapan sa pananaliksik, pagsusuri ng datos, at pagpapalawak ng akses sa impormasyon tungo sa higit na inklusibong pagkatuto sa makabagong panahon.

2. Para sa makabuluhang pakikilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, naglaan ang tanggapang ito ng mga gawaing pansilid-aralan na angkop sa antas, kakayahan, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagkatuto. Narito ang talahayan ng mga gawaing pansilid:

| Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang Baitang 3) | Likhawento | Makabuo aat makapagsalaysay ng kuwento upang malinangang pagkamalikhain at kasanayan sa wika. |
| Ikalawang Yugto (Baitang 4 hanggang 6) | Tahirawan | Mapaunlad ang kakayahan ng mga magaaral sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika. |
| Ikatlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10) | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang. |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12) | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing |

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION
BAGONG PILIPINAS
**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph
TÜV NORD ISO 9001
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

| | | |
|---|---|---|
| | | pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output. |

3. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, inaasahang matitiyak ang pagsunod sa DepEd Order No. 9, s. 2005 o *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith* na hindi dapat makaabala sa regular na klase ang mga gawain. Gayundin, ang pagtupad sa isinasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2026 o *Guidelines on the Implementation of the Three-Term School in Basic Education* na ang lahat ng *co-curricular* na gawain at iba pang kaugnay ng pagdiriwang na nakapaloob sa *Instructional Block* ay dapat isagawa nang hindi makaaantala sa regular na proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagdiriwang ay inaasahang maisasama sa mga gawain sa pagtuturo at iba pang gawain sa pagkatuto na nakahanay sa kurikulum upang mapanatili ang sapat na oras para sa paglinang ng mga kasanayan sa mga mag-aaral. Gayundin, mahalaga ang pagtiyak sa pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 o *Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.*

4. Makikita sa kalakip ng Memorandum na ito ang talaan ng mga gawain, mga banghay-aralin, at mga alituntunin at pamantayang gagabay sa pagsasagawa ng mga gawaing pampagganap.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CRISTITO A. ECO, CESO III**
Panrehiyong Direktor

Kalakip: Gaya ng isinasaad
Sanggunian: Gaya ng isinasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

KURIKULUM
WIKA

SAA/CLMD-RM-Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026
238/August 10, 2026

Kalakip mula sa Rehiyunal Memorandum Blg __ s. 2026

**GAWAING PANG-SILID SA**
**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**
**Halimbawa ng Banghay-Aralin sa Filipino 2-3**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari** |
| **Asignatura / Mga Asignatura** | **Filipino** |
| **Nagdisenyo ng Aralin** | **Enrico Lee Suarez**<br>*Senior Education Program Specialist*<br>*Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division*<br><br>Iniwasto ni: **Gaudencio Luis N. Serrano, Phd**<br>*Supervising Education Program Specialist, BLD-TLD* |
| **Baitang at Pangkat ng Dinisenyong Aralin** | **Baitang 2 at 3** |
| **Bilang ng mga Sesyon** | **Isang Linggo na may Apat na Sesyon na Tig-isang Oras**<br>(Espesyal na isang linggong sesyon bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa) |
| **Mga Sanggunian**<br>*(mga aklat, website, toolkit, atbp.)* | DepEd Order No. 66, s 2017<br>DepEd Order No. 9, s 2025<br>DepEd Order No. 9, s. 2026 |
| **Pagpapahayag ng Paggamit ng AI**<br>*Banggitin kung paano ginamit ang AI sa pagbuo ng banghay-aralin.*<br>Tingnan ang **DO 3 s. 2026 Annex A.** | Ginamit ang AI alinsunod sa DO 03, s. 2026 sa pagbuo ng mga larawan na ginamit sa aralin. |

| **Intensiyon: Mga Target na Layunin** | Nakasalalay sa pagdisenyo ng aralin ang pagkakaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Simulan ito sa pagtukoy kung ano ang mga target na layunin na nais malinang sa mga mag-aaral pagkatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at payak. **Tandaan:** Ang pagdisenyo ng aralin batay sa pag-unawa sa nagbabagong konteksto ng mga mag-aaral ay makatutulong upang matiyak na ito ay may kaugnayan at makabuluhan sa kanila. |
|---|---|
| ***Kasanayan sa Pagkatuto:***<br><br>*Isulat ang/ang mga kasanayan sa pagkatuto ayon sa kurikulum na inaasahang malinang, gayundin ang mga pamantayang pangnilalaman at pagganap na angkop sa mga sesyon.* | **Baitang 2**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa kamalayang ponolohikal, pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga payak na pangungusap at teksto tungkol sa sarili at pamilya na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon.<br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa kamalayang ponolohikal, pagbigkas ng mga tunog sa pagpapahayag ng idea, karanasan at pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at pamilya, at pang-araw-araw na paksang naratibo at impormatibo.<br><br>**Baitang 3**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon.<br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| | Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng idea at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. |
| ***Mga Layunin sa Pagkatuto:***<br><br>Isulat ang mga tiyak na kaalaman, kasanayan o gawain batay sa mga target na kasanayan sa pagkatuto na inaasahang malilinang sa mga mag-aaral at maipamamalas pagkatapos ng sesyon. | **Unang Termino**<br><br>**Baitang 2**<br>a. Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng apat hanggang limang pangyayari<br>b. Naibibigay ang posibleng wakas<br><br>**Baitang 3**<br>a. Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng lima hanggang anim pangyayari<br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br>c. Naibibigay ang posibleng wakas<br>d. Naiuugnay ang sariling karanasan sa kuwento |
| ***Konteksto ng mga Mag-aaral:***<br>*Isulat ang mga obserbasyon sa inyong mga mag-aaral at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto. Isama ang mga kalakasan, interes, at posibleng hadlang sa pagkatuto.* | |

## Linang: Makabuluhang Danas sa Pagkatuto

Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na idinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at interkasiyon ay binuo tungo sa isang makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at interaksyong makatutulong sa mga mag-aaral na magtamo ng kaalaman, kasanayan, o maparaang pag-unawa.

***Bago ang Aralin:***

Ilarawan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na maging handa sa aralin.

**Unang Araw**

**A. Pag-uugnay ng Dating Kaalaman**



Ipakita ang isang larawan ng batang may hawak na medalya.

Mga gabay na tanong:

- Ano ang nakikita ninyo sa larawan?
- Bakit kaya siya masaya?
- Ano kaya ang nangyari bago siya nagkaroon ng medalya?

Ipaliwanag na ang isang larawan ay maaaring bahagi lamang ng isang kuwento at mas nauunawaan ito kapag nakikita ang lahat ng pangyayari sa tamang pagkakasunod-sunod.

<table>
<tr>
<td>

**Daloy ng Aralin:**

Ilarawan ang mga gawaing maaaring isagawa sa isa o higit pang sesyon upang matamo ang mga layunin sa pagkatuto.
*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa sumusunod:*

- *gawing malinaw ang mga layunin ng aralin para sa mga mag-aaral;*
- *gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang gumanap sa mga gawain nang mag-isa;*
- *suriin ang kalagayan, pag-unawa, at antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa aralin;*
- *iugnay ang mga bagong konsepto sa mga nalinang na mga kasanayan;*
- *hikayatin ang pagkakaroon ng kolaborasyon sa mga mag-aaral;*
- *anyayahan ang mga mag-aaral na pagnilayan ang halaga ng aralin sa kanilang sarili*
- *tiyakin ang pagtanggap o ingklusyon sa mga mag-aaral na magkakaiba ang kakayahan, estilo ng pagkatuto, at konteksto.*

</td>
<td>

**Ikalawang Araw**

1. Simulan ang klase sa pangungumusta sa mga mag-aaral sa kanilang araw kahapon.

2. Ipakita sa mga bata ang mga salitang nasa flash cards. Ipabasa ang bawat salita at itanong mga sumusunod:

a. Ano kaya ang mga salitang inyong binasa?

b. Kailan ito madalas na ginagamit?







3. Iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral bago talakayin ang tungkol sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

</td>
</tr>
</table>

**Ikatlong Araw**

**B. Paglinang ng Aralin.** Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito bilang paghahanda sa gagawing pagtataya.

**Gawain 1: Ayusin ang Kuwento**

1. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat.
2. Bigyan ang bawat pangkat ng 5–6 na larawan na hindi nakaayos.
3. Ipagawa sa kanila ang pagsasaayos ng mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.
4. Maaaring gamitin ang halimbawang mga larawan.



Mga gabay na tanong:

- Ano ang unang nangyari?
- Ano ang sumunod?
- Ano ang naging wakas ng kuwento?

| | |
|---|---|
| | **Gawain 2: Ayusin ang Kuwento gamit ang Bilang**<br><br>**Panuto:** Isulat sa patlang ang bilang **1–5** upang maipakita ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa paghahanda ng isang batang Pinoy sa pagpasok sa paaralan.<br><br>_____ Nagsuot siya ng malinis na uniporme.<br><br>_____ Kumain siya ng almusal kasama ang kaniyang pamilya.<br><br>_____ Naghanda siya ng mga gamit sa loob ng kaniyang bag.<br><br>_____ Nagising siya nang maaga at naghilamos.<br><br>_____ Umalis siya ng bahay upang pumasok sa paaralan.<br><br>• Tandaan ang pagbibigay ng feedback sa gawain ay mahalaga para sa pagpapaunlad pa ng kasanayan.<br>• Tapusin ang ikatlong araw sa pagpapaliwanag sa mga mag-aaral na ang aralin ay may kaugnayan sa pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. |

| | |
|---|---|
| ***Mga Kagamitan sa Pagkatuto:***<br>*Itala ang mga kagamitan sa pagkatuto na makatutulong upang matamo ang mga layunin. Tiyuakin na magagamit at inklusibo para sa lahat.*<br><br>*Isama ang mga pagpipilian at alternatibong kagamitan para sa panahon ng kagipitan at iba pang pangangailangan.* | • Kopya ng kuwento (wordless story)<br>• Book stand (opsiyonal<br>• mga lapis<br>• malinis na papel<br>• timer o orasan<br>• slide decks at projector (kung kinakailangan) |
| ***Mga Pagkakataon para sa Integrasyon:***<br>*Ilahad ang anumang mga posibleng pagkakataon na makabuluhang maiugnay ang aralin sa ibang asignatura, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | Magkaroon ng integrasyon sa GMRC at Makabansa (tungkol sa sarili, pamilya at bansa) |
| **Awtentikong Pagtataya: Pagsubaybay sa Pag-unlad** | Ipinakikita ng pagtataya kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pang tulong ang kailangan nila. Nakatutulong ang mga ito sa pagbibigay ng impormasyong gagabay sa pagtuturo sa hinaharap. |
| ***Pormatibong Pagtataya:***<br>*Bumuo ng mga gawain o mga tanong upang mataya ang pagkatuto at makapagbigay ng feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makahihingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.* | **Ikaapat na Araw**<br>Ang awtentikong pagtataya sa isang linggong araling ito ay ang mismong pagtatanghal o pagpapamalas ng mag-aaral ng kanilang pagganap sa **IKHAWENTO**. Gagamitin ang ibinigay na rubrik upang mataya ang pagpapamalas ng husay at galing ng mga mag-aaral sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kanilang |

*Tandaang magbigay nang nararapat na akomodasyon/panahon/pagkakataon upang maipamalas ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa/pagkatuto (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, mga opsiyon na pang-maliliit na pangkat at/o mga suportang biswal o pandinig).*

pagsasalaysay ng kuwento gamit ang mga magkakasunod na larawan. Maaaring gamitin ang mga larawan sa ibaba.




- Narito ang Pamantayan sa Pagmamarka:

| Mga Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Kaalaman/Pag- unawa sa Kuwento**<br>• Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<br>A. mahahalagang detalye at pangyayari;<br>B. elemento ng larawang-kuwento; at | 50% |

| | |
|---|---|
| C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/larawan ng kuwento | |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipamamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas | 30% |
| **Pagganap sa Harap ng Klase**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap, ekspresyon ng mukha at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

A. Opisyal na gawaing pangklasrum ang **LikhaWento** sa lahat ng mag-aaral mula kindergarten hanggang Ikatlong Baitang.
B. Pipili ang mga guro ng *wordless story* na angkop sa edad ay kakayahan ng mga mag-aaral;
C. Ipapakita ng guro ang mga larawang-kuwento sa mga mag-aaral at hahayaan niyang magbigay ng interpretasyon o pagkukuwento ang mga mag-aaral; Mahalagang masunod ng mga mag-aaral ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

| | |
|---|---|
| | D. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naisip na interpretasyon ng mga mag-aaral sa kuwento;<br>E. Magbibigay ng iba pang halimbawang kuwento ang mga guro at muling uulitin ang proseso ng pagbibigay ng interpretasyon at pagkukuwento;<br>F. Sasanayin ng guro ang mga mag-aaral sa kasanayang ito sa buong buwan ng Agosto. Mamarkahan ng guro ang bawat isang mag-aaral gamit ang ibinigay na pamantayan sa loob ng limang (5) minuto. Kailangan bumuo ang mag-aaral ng kaniyang sarili pamagat sa mabubuong kuwento mula sa mga larawan. |

| | |
|---|---|
| **Wagas na Pag-unlad: Hakbang sa Pagsulong** | *Nagaganap din ang makabulugang pagkatuto sa labas ng silid-aralan—sa parehong mag-aaral at sa guro.*<br><br>*Huminto at magnilay nang wagas sa mga nangyari sa araw na ito tungo sa patuloy na pagsulong.* |
| ***Mga Pagkakataon para sa Pinalalawak na Pagkatuto:***<br><br>*Magmungkahi ng iba pang karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan/oras ng klase na maaaring magamit ng mga mag-aaral upang mapalalim o mapatatag ang kanilang natutuhan, higit pang mapukaw ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa mga bahaging o sitwasyong nahihirapan sila.* | Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagbuo ng sariling serye ng apat hanggang anim na larawan tungkol sa:<br><br>• Aking Karanasan sa Paaralan<br>• Ang Aking Pamilya<br>• Pag-aalaga ng Halaman<br>• Isang Masayang Araw<br><br>Pagkatapos ay pasulatin sila ng maikling kuwento batay sa kanilang mga guhit. |


Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| ***Mga Repleksiyon:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari sa araw na ito. Mayroon bang mga bahaging higit pang nais maunawaan o tuklasin ng mga mag-aaral?*<br>*May mga nais bang ibahagi sa mga kapuwa guro, magulang, o mga pinuno ng paaralan tungkol sa naging karanasan sa silid-aralan?*<br>*Anong tulong ang nais mo mula sa iyong tagapayong instruksiyonal?*<br>*Maaaring isulat ang repleksiyon nang maikli, naka-bullet o sa paarang anotasyon.* | |

**Halimbawa ng Banghay-Aralin sa Filipino 4-6**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari** |
| **Asignatura / Mga Asignatura** | **Filipino** |
| **Nagdisenyo ng Aralin** | **Michelle F. Tolentino**<br>*Senior Education Program Specialist*<br>*Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division*<br><br>Iniwasto ni: **Gaudencio Luis N. Serrano, Phd**<br>*Supervising Education Program Specialist, BLD-TLD* |
| **Baitang at Pangkat ng Dinisenyong Aralin** | **Baitang 4, 5, at 6** |
| **Bilang ng mga Sesyon** | **Isang Linggo na may Apat na Sesyon na Tig-isang Oras**<br>(Espesyal na isang linggong sesyon bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa) |
| **Mga Sanggunian**<br>*(mga aklat, website, toolkit, atbp.)* | DepEd Order No. 66, s 2017<br>DepEd Order No. 9, s 2025<br>DepEd Order No. 9, s. 2026 |
| **Pagpapahayag ng Paggamit ng AI**<br>*Banggitin kung paano ginamit ang AI sa pagbuo ng banghay-aralin.*<br>Tingnan ang **DO 3 s. 2026 Annex A.** | Ginamit ang AI alinsunod sa DO 03, s. 2026 sa pagbuo ng mga larawan na ginamit sa aralin. |

| | |
|---|---|
| **Intensiyon:**<br>**Mga Target na Layunin** | Nakasalalay sa pagdisenyo ng aralin ang pagkakaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Simulan ito sa pagtukoy kung ano ang mga target na layunin na nais malinang sa mga mag-aaral pagkatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at payak. **Tandaan:** Ang pagdisenyo ng aralin batay sa pag-unawa sa nagbabagong konteksto ng mga mag-aaral ay makatutulong upang matiyak na ito ay may kaugnayan at makabuluhan sa kanila. |

| | |
|---|---|
| ***Kasanayan sa Pagkatuto:***<br><br>*Isulat ang/ang mga kasanayan sa pagkatuto ayon sa kurikulum na inaasahang malinang, gayundin ang mga pamantayang pangnilalaman at pagganap na angkop sa mga sesyon.* | **Baitang 4**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa-paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika, paggamit ng mga elementong biswal sa pagsusuri, paglalarawan, at pagpapakahulugan upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa lokal na komunidad at bansa na naaangkop sa edad, nagsasaalang-alang sa kasarian, paksa, at kultura batay sa layunin, konteksto, at target na madla.<br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal na komunidad o bansa na karanasan (anekdota).<br>**Baitang 5**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, tulang pambata), at tekstong impormatibo (pagsunod sa panuto, hakbang at proseso), at umuunlad na kasanayang produktibo, paggamit ng tekstong biswal at elementong multimedia sa pagsusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa lokal o rehiyonal at bansa na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa at kultura (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla.<br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tekstong naglalahad |

| | |
|---|---|
| | ng mga mungkahing hakbang na gagawin bilang solusyon sa isang usaping panlokal, panrehiyon o pambansa.<br>**Baitang 6**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di-pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, dulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento) at tekstong impormatibo (eksposisyon), pagbuo ng teksto, at kaalaman sa mga di-berbal na pahiwatig (pisikal na paghahatid ng mensahe) at kasanayang produktibo, at paggamit tekstong multimedia sa pagusuri at pagpapakahulugan upang makabuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa bansa at global na may kaangkupan sa edad, kasarian, paksa, at kultura (pasalita, pasulat, at multimedia) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla.<br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng sanaysay na naglalahad ng tampok na isang pangyayari sa bansa o global. |
| ***<u>Mga Layunin sa Pagkatuto:</u>***<br><br>Isulat ang mga tiyak na kaalaman, kasanayan o gawain batay sa mga target na kasanayan sa pagkatuto na inaasahang malilinang sa mga mag-aaral at maipamamalas pagkatapos ng sesyon. | **Unang Termino**<br><br>**Baitang 4**<br>a. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa anim<br>b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto<br>c. Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagsasalaysay<br><br>**Baitang 5**<br>a. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa pito<br>b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto<br>c. Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagsasalaysay |


**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph
TÜV NORD ISO 9001
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

| | |
|---|---|
| | **Baitang 6**<br>a. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa walo<br>b. Nailalarawan ang tagpuan<br>c. Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagsasalaysay |
| ***Konteksto ng mga Mag-aaral:***<br>*Isulat ang mga obserbasyon sa inyong mga mag-aaral at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto. Isama ang mga kalakasan, interes, at posibleng hadlang sa pagkatuto.* | |
| **Linang: Makabuluhang Danas sa Pagkatuto** | Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na idinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at interkasiyon ay binuo tungo sa isang makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at interaksyong makatutulong sa mga mag-aaral na magtamo ng kaalaman, kasanayan, o maparaang pag-unawa. |
| ***Bago ang Aralin:***<br><br>Ilarawan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na maging handa sa aralin. | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Pagbati.**<br>**2. Tiyakin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *thumbs up-side-down technique*.**<br><br>**3. Ipagawa:**<br>***Panuto***: Pumili na kapartner na kamag-aral at bumuo ng maikling diyalogo o usapan batay sa ipinakikita sa larawan. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


2. Itanong:
<ul>
<li>Batay sa mga napakinggan ninyong diyalogo o usapan ng inyong mga kamag-aral, ano ang mensaheng nais iparating nito sa atin?</li>
<li>Bakit mahalaga ang pag-uusap ng dalawang bata?</li>
<li>Paano natin sila matutulungan sa kanilang problema?</li>
</ul>
3. Iproseso ang gawain.
</td>
</tr>
</table>

***Daloy ng Aralin:***

Ilarawan ang mga gawaing maaaring isagawa sa isa o higit pang sesyon upang matamo ang mga layunin sa pagkatuto.

*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa sumusunod:*


- *gawing malinaw ang mga layunin ng aralin para sa mga mag-aaral;*
- *gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang gumanap sa mga gawain nang mag-isa;*
- *suriin ang kalagayan, pag-unawa, at antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa aralin;*
- *iugnay ang mga bagong konsepto sa mga nalinang na mga kasanayan;*
- *hikayatin ang pagkakaroon ng kolaborasyon sa mga mag-aaral;*
- *anyayahan ang mga mag-aaral na pagnilayan ang halaga ng aralin sa kanilang sarili*
- *tiyakin ang pagtanggap o ingklusyon sa mga mag-aaral na magkakaiba ang kakayahan, estilo ng pagkatuto, at konteksto.*

**1. Itanong ang inaasahan sa aralin:**

*Mula sa naunang gawain, ano kaya ang ating aralin at mga inaasahan sa atin sa araw na ito? (Hayaan ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang aralin at mga inaasahan sa kanila)*

**2. Linangin ang talasalitaan, ipagawa ang sumusunod:**

**Panuto:** Magbigay ng mga salita na tumutukoy sa bawat larawan at subukin itong bigyan ng kahulugan.









| | |
|---|---|
| | **2. Sabihin:**<br>*Tingnan natin kung tama ang inyong sagot. Basahin at suriin natin ang sumusunod na pangungusap.*<br><br>• Matapos magtayo ng isang pabrika ng *detergent* o likidong panlinis sa kalapit nito, unti-unting nagkaroon ng polusyon sa ilog.<br>• Nagkaroon ng polusyon sa ilog. Ito ay pagkakaroon ng kapaligiran ng nakalalasong substance na maaaring magdulot ng masamang epekto sa kalusugan.<br>• Maaaring kumalat ang mga mikrobyo gaya ng virus at bacteria na nagdudulot ng sakit sa kanilang lugar.<br>• Agad niyang naalala ang itinuro sa kanilang paaralan tungkol sa recycle, o ang muling paggamit at paghihiwalay ng basura.<br><br>**3. Itanong:**<br>• Anong salita sa bawat pangungusap ang tumutukoy sa mga larawan?<br>• Mula sa pangungusap, anong mga salita ang nagbibigay kahulugan sa mga ito?<br>• Paano binigyang kahulugan sa pangungusap ang mga salita?<br>• Ano kaya ang tawag dito?<br><br>**4. Talakayin:**<br>• Magkaroon ng malayang talakayin tungkol sa panandang konteksto na nagbibigay kahulugan.<br>• Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling pangungusap gamit ang panandang konteksto na nagbibigay kahulugan. |


Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph
Certificate No. PHP QMS
24 93 0184

**5. Bago simulan ang pagbasa ng kuwento, ipagawa ang *Tuklas-Kuwento: Ayusin at Isalaysay.***

**Panuto:** Ayusin ang mga larawan at pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento sa sariling pangungusap. Gamitin ang mga natutuhang bagong salita at panandang konteksto na nagbibigay kahulugan sa pagsasalaysay.

**Tala sa guro: Anim lang ang gamiting larawan sa Baitang 4 at pito naman sa Baitang 5 gaya ng isinasaad sa layunin.*



***Mga Kagamitan sa Pagkatuto:***

*Itala ang mga kagamitan sa pagkatuto na makatutulong upang matamo ang mga layunin. Tiyuakin na magagamit at inklusibo para sa lahat.*

*Isama ang mga pagpipilian at alternatibong kagamitan para sa panahon ng kagipitan at iba pang pangangailangan.*

**6. Iproseso ang gawain, Itanong:**

- Tungkol sa anong paksa ang mga nasa larawan?
- Paano ninyo inayos nang magkakasunod ang mga larawan?
- Paano ninyo pinili ang simula sa kuwento?
- Paano ninyo pinili ang wakas?
- Bakit mahalaga ang maayos na pagkasunod-sunod sa pagsasalaysay o pagkukuwento?
- Magbahagi ng karanasan tungkol sa paksa ng kuwento.

**7. Magkaroon ng maikling talakay sa tamang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa pagsasalaysay ng kuwento.**

**8. Ibigay ang exit tiket bilang pangwakas na gawain sa unang araw ng aralin.**

**IKALAWANG ARAW**


**1. Bilang simula ng ikalawang araw ng aralin, itanong kung ano ang damdamin ng mga mag-aaral sa kanilang gagawing pag-aaral.**



| | |
|---|---|
| | **2. Bigyan ng kopya ang mga mag-aaral ng babasahing maikling kuwento.**<br><br>**3. Ibigay ang mga gabay na tanong:**<br>• Tungkol sa anong paksa ang binasang kuwento?<br>• Sino ang pangunahing tauhan? Isa-isahin ang kaniyang katangian?<br>• Saan naganap ang pangyayari sa kuwento? Ilarawan ito.<br>• Ano ang naging problema sa nayon ng Dalisay?<br>• Paano ito nalutas sa kuwento?<br>• Ano kaya ang mensaheng nais iparating ng ating binasang teksto?<br><br>**4. Para sa unang pagbasa, basahin (ng guro) nang malakas ang maikling kuwento habang susundan sa pagbasa ng mga mag-aaral hawak ang kanilang mga kopya.**<br><br>**5. Sa ikalawang pagbasa, bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral para sa tahimik na pagbasa. Ibigay ang magiging tuntunin sa kanilang tahimik na pagbasa.**<br>• Basahin at unawain ang binabasa.<br>• I-highlight ang mga posibleng sagot sa mga gabay na tanong.<br>• Bilugan ang mga bagong salitang nais matutuhan sa teksto. Guhitan ang mga salitang nagpapakahulugan dito.<br>• Isulat sa hiwalay na papel ang mga tanong o bahagi ng kuwento na nais pang bigyang linaw. |


**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

6. **Gamit ang estratehiyang *May Signal Trapiko sa Brain Ko*, ipataya kung naunawaan ang binasa.**



Waging-wagi ang pag-unawa!

Basa-basa muli para maging wagi ang pag-unawa!

May lilinawin pa upang maging wagi!

7. **Ipasagot ang mga gabay na tanong sa pamamagitan ng *jigsaw technique*.**
8. **Magkaroon ng malayang talakayan sa ginawang gawaing pagbasa at pag-unawa sa teksto.**
9. **Balikan ang ginawang gawaing pagsunod-sunod ng pangyayari sa unang araw at batay sa naging pagbasa ng kuwento, muling ipasalaysay ito sa mga mag-aaral.**
10. **Bilang pangwakas na gawain sa ikalawang araw ng aralin, ipagawa ang Salaysay-Mungkahi!:**

**Panuto:**

- Mag-isip ng mungkahing programa para sa paglilinis at pangangalaga sa kalikasan at bigyan ng malikhaing pamagat. Tingnan ang halimbawa.
- Isalaysay sa klase gamit ang wastong pangungusap.
- Gumamit ng mga panandang konteksto na nagbibigay kahulugan sa pagpapahayag ng mga bago o di-pamilyar na salita.

**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph




**IKATLONG ARAW**


1. **Bilang simula, itanong sa mag-aaral ang sumisimbolong kulay sa kanila sa ikatlong araw na ito ng aralin.**



2. **Irebyu ang tinalakay sa naunang araw na pagsusunod-sunod ng pangyayari, balikan muli ang tinalakay na kuwento at ihanda ang mag-aaral sa kasunod na paksa.**

3. **Talakayin ang kayarian ng tekstong nagsasalaysay.**



| | |
|---|---|
| | **4. Pag-usapan din ang mga salitang ginagamit sa pagsunod-sunod na pangyayari:**  <br><br>**5. Bilang pangwakas na gawain sa ikatlong araw, isagawa ang pagsasalaysay muli ng inyong paboritong kuweto.**<br><br>**Panuto:** Pumili ng inyong paboritong kuwento, pumili ng kapareha at isalaysay itong muli. Gamitin ang tamang mga salita sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari at wastong simula, gitna at wakas. |


**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| | <br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**(MISMONG PAKIKIBAHAGI SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA)**<br><br>1. **Bilang panimula, ipakuwento o ipasalaysay sa mga mag-aaral ang kanilang mga ginawa mula pagkagising hanggang makarating sa paaralan.**<br>2. **Irebyu ang tinalakay na kayarian ng tekstong nagsasalaysay at mga salitang ginagamit sa pagsunod-sunod ng pangyayari sa pagkukuwento.**<br>3. **Sabihin: Ngayong araw ay makikibahagi tayo sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at ang tema ay *"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon"*. Kaya naman, magkakaroon tayo ng mahalagang gawain o timpalak sa araw na ito. Tingnan natin kung paano ninyo ilalapat ang natutuhan ninyong pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng pangyayari. Ang ating gawain/timpalay ay tatawagin nating TAHIRAWAN.**<br>4. **Ipaliwanag ang mekaniks at rubriks sa gawain/timpalak.** |

**GAWAING PANG-SILID SA**
**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

| | |
|---|---|
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Ikalawang Yugto – Ikaanim na Baitang |
| **PAMAGAT NG GAWAIN/TIMPALAK** | **TahiRawan** |
| **LAANG ORAS** | 5 minutong pagtatanghal ng bawat mag- aaral |
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang katatasan sa pagbasa at paglalahad ng mensahe na may tamang lakas, damdamin at ekspresyon sa pamamagitan ng kasanayan sa pagbalangkas ng isang kuwento gamit ang palarawang teksto. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip |
| **DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES** | Performing & Visual Arts Domain |
| **DESKRIPSIYON** | Nagbibigay ng pagkakataon ang **TahiRawan** sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kasanayan at kakayahan sa pag-unawa at pag-uugnay ng mga larawan upang makabuo ng sariling kuwento nang malikhain. |
| **TEKNIKAL NA KAILANGANIN** | |
| **A. KAGAMITAN AT IBA PANG KASANGKAPAN** | • (10) sampung magkakaibang larawan na may kaugnayan sa paksa na itatakda ng guro<br>• mga *ballpen* |

| | | |
|---|---|---|
| | | • mga *folder*<br>• *bond paper* |
| | **B. LUGAR NA PAGDADAUSAN** | Silid-Aralan |
| | **MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL** | |

| Mga Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Kaalaman/Pag- unawa sa Kuwento**<br>• Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<br>A. lohikal na pagkakasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari;<br>B. elemento ng kuwento; at<br>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/larawan. | 50% |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood | 30% |


Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph
TÜV NORD ISO 9001
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

| | |
|---|---|
| • Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas | |
| **Pagganap sa Harap ng Klase**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap, ekspresyon ng mukha at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

A. Opisyal na gawaing pangklasrum ang **TahiRawan** sa lahat ng mag-aaral mula ikaapat hanggang ikaanim na baitang.
B. Pipili ang mga guro ng anim (6) hanggang walong (8) magkakaibang larawan na angkop sa edad ay kakayahan ng mga mag-aaral;
C. Ipapakita ng guro ang magkakaibang larawan sa mga mag-aaral at hahayaan niyang magbigay ng interpretasyon o pagkukuwento ang mga mag-aaral;
D. Bubuo ng sariling kuwento ang mga mag-aaral mula sa mga ipinakitang larawan. Isaalang-alang ang sangkap at mga bahagi ng maikling kuwento;
E. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naisip na interpretasyon ng mga mag-aaral sa kuwento;
F. Sasanayin ng guro ang mga mag-aaral sa kasanayang ito sa buong buwan ng Agosto. Bilang pagtatapos, isa-isang ipapakita ng mga mag-aaral ang nabuong kuwento sa loob ng limang (5) minuto sa harap ng klase. Mamarkahan ng guro ang bawat isang mag-aaral gamit ang ibinigay na pamantayan.

5. **Narito ang mga larawang maaaring pagpilian para sa anim hanggang walong larawan na tatahiin ng mga mag-aaral upang makabuo at makapagsalaysay ng sariling kuwento.**




6. **Tandaan ang pagbibigay ng feedback sa gawain ay mahalaga para sa pagpapaunlad pa ng kasanayan.**
7. **Tapusin ang huling araw ng isang linggong sesyon sa pagpapaliwanag sa kalahagahan ng pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.**

| | |
|---|---|
| ***Mga Pagkakataon para sa Integrasyon:*** *Ilahad ang anumang mga posibleng pagkakataon na makabuluhang maiugnay ang aralin sa ibang asignatura, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | **Binigyang integrasyon sa aralin ang:** <br>• **Pagpapahalaga sa kalinisan at pangangalaga sa kapaligiran para sa GMRC gayundin ang AI sa Filipino.** |
| **Awtentikong Pagtataya: Pagsubaybay sa Pag-unlad** | Ipinakikita ng pagtataya kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pang tulong ang kailangan nila. Nakatutulong ang mga ito sa pagbibigay ng impormasyong gagabay sa pagtuturo sa hinaharap. |
| ***Pormatibong Pagtataya:*** *Bumuo ng mga gawain o mga tanong upang mataya ang pagkatuto at makapagbigay ng feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makahihingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.* <br>*Tandaang magbigay nang nararapat na akomodasyon/panahon/pagkakataon upang maipamalas ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa/pagkatuto (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, mga opsiyon na pang-maliliit na pangkat at/o mga suportang biswal o pandinig).* | **Ang awtentikong pagtataya sa isang linggong araling ito ay ang mismong pagtatanghal o pagpapamalas ng mag-aaral ng kanilang paggnap sa TAHIRAWAN. Gagamitin ang ibinigay na rubrik upang mataya ang pagpapamalas ng husay at galing ng mga mag-aaral sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kanilang pagsasalaysay ng kuwento.** |

| **Wagas na Pag-unlad: Hakbang sa Pagsulong** | *Nagaganap din ang makabulugang pagkatuto sa labas ng silid-aralan—sa parehong mag-aaral at sa guro.*<br><br>*Huminto at magnilay nang wagas sa mga nangyari sa araw na ito tungo sa patuloy na pagsulong.* |
|---|---|
| ***Mga Pagkakataon para sa Pinalalawak na Pagkatuto:***<br>*Magmungkahi ng iba pang karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan/oras ng klase na maaaring magamit ng mga mag-aaral upang mapalalim o mapatatag ang kanilang natutuhan, higit pang mapukaw ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa mga bahaging o sitwasyong nahihirapan sila.* | **1. Sa bahaging ito magkakaroon ng pagbibigay ng interaktibong pagbibigay ng feedback sa isinagawang pagtatanghal. Ang resulta sa bahaging ito ang magiging daan sa pagpapaunlad pa sa pagganap ng mga mag-aaral sa susunod na mga gawain.** |
| ***Mga Repleksiyon:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari sa araw na ito. Mayroon bang mga bahaging higit pang nais maunawaan o tuklasin ng mga mag-aaral?*<br>*May mga nais bang ibahagi sa mga kapuwa guro, magulang, o mga pinuno ng paaralan tungkol sa naging karanasan sa silid-aralan?*<br>*Anong tulong ang nais mo mula sa iyong tagapayong instruksiyonal?*<br>*Maaaring isulat ang repleksiyon nang maikli, naka-bullet o sa paarang anotasyon.* | |

**Halimbawa ng Banghay-Aralin sa Filipino 7-10**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **DokyuWento: Multimodal na Presentasyon** |
| **Asignatura / Mga Asignatura** | **Filipino** |
| **Nagdisenyo ng Aralin** | **Elizabeth M. Avila**<br>Guro VI<br>Pasay City West National High School<br><br>Iniwasto ni: **Gaudencio Luis N. Serrano, Phd**<br>*Supervising Education Program Specialist, BLD-TLD* |
| **Baitang at Pangkat ng Dinisenyong Aralin** | **Baitang 7-10** |
| **Bilang ng mga Sesyon** | **Isang Linggo na may Apat na Sesyon na Tig-isang Oras**<br>(Espesyal na isang Linggong sesyon bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa) |
| **Mga Sanggunian**<br>*(mga aklat, website, toolkit, atbp.)* | copilot.microsoft.com, Google Scholar at iba pang online database, dokumentaryo mula sa https://www.youtube.com/watch?v=023zkmnw98s (Bayang Uhaw ni Kara David), https://www.abante.com.ph/category/news/<br>DepEd Order No. 66, s 2017<br>DepEd Order No. 9, s 2025<br>DepEd Order No. 9, s. 2026 |
| **Pagpapahayag ng Paggamit ng AI**<br>*Banggitin kung paano ginamit ang AI sa pagbuo ng banghay-aralin.*<br>Tingnan ang **DO 3 s. 2026 Annex A.** | Ginamit ang AI alinsunod sa DO 03, s. 2026 sa pagbuo ng mga story board at mga estratehiyang ginamit sa aralin. |

| Intensiyon: Mga Target na Layunin | Nakasalalay sa pagdisenyo ng aralin ang pagkakaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Simulan ito sa pagtukoy kung ano ang mga target na layunin na nais malinang sa mga mag-aaral pagkatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at payak. **Tandaan:** Ang pagdisenyo ng aralin batay sa pag-unawa sa nagbabagong konteksto ng mga mag-aaral ay makatutulong upang matiyak na ito ay may kaugnayan at makabuluhan sa kanila. |
|---|---|
| ***<u>Kasanayan sa Pagkatuto:</u>***<br><br>*Isulat ang/ang mga kasanayan sa pagkatuto ayon sa kurikulum na inaasahang malinang, gayundin ang mga pamantayang pangnilalaman at pagganap na angkop sa mga sesyon.* | **Baitang 7**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tula at Tuluyan) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.<br><br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at burador ng *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan.<br><br>**Baitang 8**<br><br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |

| | |
|---|---|
| | **Pamantayang Pagganap**<br>Nakabubuo ng burador ng sanaysay tungkol sa Kalinangang Pilipino sa anyong *video* o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan.<br><br>**Baitang 9**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Kasarinlan hanggang Panahon ng Aktibismo at Batas Militar, tekstong impormasyonal (argumentatibo) para sa paghubog ng kamalayang panlipunan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.<br><br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nakabubuo ng literaring analisis at pabalat ng graphic novel hango sa nobela na isinasaalang-alang ang mga elementong biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.<br><br>**Baitang 10**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – El Filibusterismo para sa pagtatamo ng kaunlaran at pagtugon sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (mutimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.<br><br>**Pamantayang Pagganap** |

| | |
|---|---|
| | Nakabubuo ng documentary film ng El Filibusterismo na naipakikita ang kaunlaran sa usaping panlipunan na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| ***Mga Layunin sa Pagkatuto:***<br><br>Isulat ang mga tiyak na kaalaman, kasanayan o gawain batay sa mga target na kasanayan sa pagkatuto na inaasahang malilinang sa mga mag-aaral at maipamamalas pagkatapos ng sesyon. | **Unang Termino**<br>**Baitang 7**<br>**Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademiko:**<br>• (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagbuo ng talata at pagpapahayag ng mga ideya)<br><br>**Baitang 8**<br>**Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademiko:**<br>• (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata).<br><br>**Baitang 9**<br>**Nauunawaan ang tekstong argumentatibo gamit ang mga kasanayang pang-akademiko:**<br>• (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata) |

| | |
|---|---|
| | **Baitang 10**<br>**Nakabubuo ng documentary film tungkol sa pag-unlad ng isang usaping panlipunan na maiuugnay sa El Filibusterismo:**<br><br>a. Nakapipili ng tiyak na paksa para sa isasagawang dokumentaryo<br>b. Nakapagsasaliksik ng mga impormasyong kinakailangan sa napiling paksa<br>c. Nakabubuo ng plano sa paglikha ng documentary film at burador<br>d. Nakakukuha ng mga videos ng mga gaganap |
| ***Konteksto ng mga Mag-aaral:***<br>*Isulat ang mga obserbasyon sa inyong mga mag-aaral at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto. Isama ang mga kalakasan, interes, at posibleng hadlang sa pagkatuto.* | |
| **Linang: Makabuluhang Danas sa Pagkatuto** | Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na idinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at interkasiyon ay binuo tungo sa isang makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at interaksyong makatutulong sa mga mag-aaral na magtamo ng kaalaman, kasanayan, o maparaang pag-unawa. |
| ***Bago ang Aralin:***<br><br>Ilarawan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na maging handa sa aralin. | **Unang Araw**<br>1. Pagbati.<br>2. Paggamit ng Estratehiyang **HuLa-rawan**<br>Gamit ang mga larawan mula sa mga ulo ng mga balita ay itatanong sa mga mag-aaral ang paksa ng bawat larawan.<br>(https://www.abante.com.ph/category/news/) |



France pinaso ng napakatinding init, higit 2K katao dedo

Paksa: Climate Change



QCRTC binasura 1B kaso vs Martin Romualdez, Zaldy Co

Paksa: kurapsyon



Palasyo asa pa more na sisipa ekonomiya

Paksa: pagbagsak ng ekonomiya



Malacañang bet ibawal cellphone sa mga iskul

Paksa: pagkalulong sa gadget

3. Magkakaroon ng Think-3-Share: Pagpapangkat ng may tatlong miyembro at mag-iisip ng paksa, magtatalakayan at ibabahagi sa klase ang napiling paksa.

4. Magbibigay ang guro ng pamantayan sa pagpili ng paksa tulad ng kaugnayan sa lipunan, kabuluhan at kakayahang maisagawa.

5. Mula sa napiling paksa ay ibabahagi ito sa klase kung bakit ito ang napiling paksa.

| | |
|---|---|
| ***Daloy ng Aralin:***<br>Ilarawan ang mga gawaing maaaring isagawa sa isa o higit pang sesyon upang matamo ang mga layunin sa pagkatuto.<br>*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa sumusunod:*<br>• *gawing malinaw ang mga layunin ng aralin para sa mga mag-aaral;*<br>• *gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang gumanap sa mga gawain nang mag-isa;*<br>• *suriin ang kalagayan, pag-unawa, at antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa aralin;*<br>• *iugnay ang mga bagong konsepto sa mga nalinang na mga kasanayan;*<br>• *hikayatin ang pagkakaroon ng kolaborasyon sa mga mag-aaral;*<br>• *anyayahan ang mga mag-aaral na pagnilayan ang halaga ng aralin sa kanilang sarili*<br>• *tiyakin ang pagtanggap o ingklusyon sa mga mag-aaral na magkakaiba ang kakayahan, estilo ng pagkatuto, at konteksto.* | **Ikalawang Araw**<br>1. Ipaliliwanag ng guro ang paksa para sa araw na ito tungkol sa kahulugan ng Primary Sources at Secondary Sources<br>• Ang **primary sources** ay mga orihinal na tala o ebidensya na direktang nagmula sa panahon o taong pinag-aaralan. Kapag gumamit ng *primary source* mas tiyak na makikita ang orihinal na pananaw o datos.<br>Halimbawa:<br>o Mga panayam (interviews)<br>o Dokumentaryo<br>o Orihinal na aklat o artikulo ng may-akda<br>o Mga tala, talaarawan, o opisyal na dokumento<br>• Ang **secondary sources** ay mga akdang nagsusuri, nagbibigay-kahulugan, o naglalagom ng primary sources. Ginagamit ang *secondary sources* upang magkaroon ng mas malawak na konteksto at pag-unawa. Hindi ito orihinal na ebidensya, kundi interpretasyon ng iba.<br>Halimbawa:<br>o Mga batayang aklat<br>o Review articles<br>o Kritikal na sanaysay<br>o Mga blog o komentaryo na tumatalakay sa isang akda<br><br>3. Magpapakita ang guro ng halimbawa ng mga aklat mula sa silid-aklatan o online database.<br>Halimbawa: 1. Tuklas.edu.ph https://tuklas.up.edu.ph/<br>2.Philippine EJournal https://ejournals.ph/<br>3.PlaridelJournal http://www.plarideljournal.org/ |


Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

| | |
|---|---|
| | 4.Philippine Journal of Linguistics https://www.pjl-phil.com/<br>5.Bahandian https://repository.cpu.edu.ph/<br>6. National Library of the Philippines http://web.nlp.gov.ph/nlp/?q=taxonomy/term/16<br><br>4. Ipaliliwanag ng guro ang pamantayan sa pagpili ng sanggunian: kaugnayan sa paksa, kredibilidad ng may-akda at petsa ng publikasyon.<br><br>5. Ipakikita ng guro ang halimbawang paggamit ng mga mapagkakatiwalaang repository tulad ng Google Scholar o ng iba pang online database.<br><br>4. Ibibigay na takdang aralin sa mga mag-aaral ang paghahanap ng aklat o artikulo na direktang tumatalakay sa napiling paksa.<br>• Ipapasuri ang may-akda kung siya ay kilala sa larangan at may kaugnayan ba ang kanyang pinagmulan<br>• Tingnan ang sanggunian ng artikulo kung gumagamit ba ito ng datos mula sa mapagkakatiwalaang institusyon<br><br>**Ikatlong Araw**<br><br>1. Pagpapakita ng halimbawa ng storyboard at burador ng isang dokumentaryo.<br>**I-Witness: 'Bayang Uhaw', dokumentaryo ni Kara David** |

| Eksena | Visuals | Narration / Audio | Layunin |
|---|---|---|---|
| **Panimulang Eksena** | Malawak na kuha ng tuyong lupa, bitak-bitak na palayan, mga batang | Voice-over ni Kara David: *"Sa bayan ng Masbate, ang tubig ay tila ginto—pinag-aagawan, pinapahalagahan, pinapangarap."* | Ipakita ang konteksto ng matinding |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | naglalakad sa ilalim ng araw. | | kakulangan sa tubig. |
| **Pang-araw-araw na Hamon** | Bata at ina nag-iigib ng tubig mula sa malayong poso; pila ng mga tao sa balon. | Tunog ng timba, pag-igib, at usapan ng mga tao. | Ipakita ang hirap at sakripisyo ng komunidad. |
| **Epekto sa Kalusugan** | Bata na may sugat sa balat, matanda na may iniinom na maruming tubig. | Kara David: *"Ang kakulangan sa malinis na tubig ay nagdudulot ng sakit at panganib sa kalusugan."* | Ipakita ang epekto sa kalusugan at kaligtasan. |
| **Boses ng Komunidad** | Panayam sa mga residente: "Minsan tatlong kilometro ang nilalakad namin para lang sa isang timba." | Natural sound ng panayam. | Bigyang-boses ang mga mamamayan. |
| **Tugon ng Pamahalaan** | Footage ng lokal na opisyal, proyekto ng water pump. | Kara David: *"May mga hakbang, ngunit hindi sapat upang tugunan ang pangangailangan."* | Ipakita ang kakulangan ng solusyon. |
| **Pangwakas na Eksena** | Bata na nakatingin sa langit, umaasang uulan. | Kara David: *"Sa bayan ng uhaw, ang bawat patak ng ulan ay pag-asa."* | Mag-iwan ng emosyonal na mensahe at panawagan. |

2. Magsasagawaa ng ***Collaborative Planning*** ang bawat pangkat at bubuo ng outline ng eksena, script at visual/audio elements.
3. Maghahanda ng burador ang bawat pangkat ng kanilang ***DokyuWento***.

| | |
|---|---|
| | 4. Magpapatupad ng ***Peer Feedback*** kung saan magpapalitan ng puna sa mga planong nabuo ang ibang grupo.<br><br>**Ikaapat at Ikalimang Araw**<br><br>1. Magbibigay ng tungkulin sa bawat miyembro ng grupo tulad ng direktor, manunulat, tagapag-edit at tagapag-ulat.<br><br>2. Magpapakita ang mga mag-aaral ng etikal na paggamit ng sanggunian upang masiguro ang kredibilidad ng mga datos na ipapakita sa DokyuWento.<br><br>3. Maglalaan ang guro ng ***hands-on Filming at editing session*** upang mas makapaghanda ang bawat pangkat.<br><br>4. Magbibigay ang guro ng feedback o puna sa nilalaman, teknikal na aspeto at kabuuang paghahanda para sa DokyuWento. |
| ***Mga Kagamitan sa Pagkatuto:***<br>*Itala ang mga kagamitan sa pagkatuto na makatutulong upang matamo ang mga layunin. Tiyuakin na magagamit at inklusibo para sa lahat.*<br><br>*Isama ang mga pagpipilian at alternatibong kagamitan para sa panahon ng kagipitan at iba pang pangangailangan.* | Mga aklat at journal, Online Databases, mga artikulo at website, multimedia resources |

| | |
|---|---|
| ***Mga Pagkakataon para sa Integrasyon:*** *Ilahad ang anumang mga posibleng pagkakataon na makabuluhang maiugnay ang aralin sa ibang asignatura, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | • Araling Panlipunan- paglalapat ng kritikal na pagsusuri sa mga isyung panlipunan at pampolitika<br>• Agham at Teknolohiya – pagsusuri sa mga scientific journals at pag-aaral upang matukoy ang kredibilidad ng datos<br>• ICT- paggamit ng digital tools tulad ng Google Scholar at iba pa<br>• ESP- pagpapahalaga sa etikal na paggamit ng sanggunian |
| **Awtentikong Pagtataya: Pagsubaybay sa Pag-unlad** | Ipinakikita ng pagtataya kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pang tulong ang kailangan nila. Nakatutulong ang mga ito sa pagbibigay ng impormasyong gagabay sa pagtuturo sa hinaharap. |
| ***Pormatibong Pagtataya:*** *Bumuo ng mga gawain o mga tanong upang mataya ang pagkatuto at makapagbigay ng feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makahihingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.*<br>*Tandaang magbigay nang nararapat na akomodasyon/panahon/pagkakataon upang maipamalas ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa/pagkatuto (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, mga opsiyon na pang-maliliit na pangkat at/o mga suportang biswal o pandinig).* | **Reflection Journal**<br>Ipasulat sa mag-aaral ang kanilang karanasan sa paghahanap ng sanggunian: *"Ano ang pinakamahirap na bahagi ng pagsusuri ng kredibilidad?"* |

| | |
|---|---|
| **Wagas na Pag-unlad: Hakbang sa Pagsulong** | *Nagaganap din ang makabulugang pagkatuto sa labas ng silid-aralan—sa parehong mag-aaral at sa guro.*<br><br>*Huminto at magnilay nang wagas sa mga nangyari sa araw na ito tungo sa patuloy na pagsulong.* |
| ***Mga Pagkakataon para sa Pinalalawak na Pagkatuto:***<br><br>*Magmungkahi ng iba pang karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan/oras ng klase na maaaring magamit ng mga mag-aaral upang mapalalim o mapatatag ang kanilang natutuhan, higit pang mapukaw ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa mga bahaging o sitwasyong nahihirapan sila.* | **Community Interview**<br>• Mag-aaral ay magsasagawa ng panayam sa lokal na lider, guro, o magulang tungkol sa isang isyung panlipunan.<br>• Layunin nito na makakuha ng *primary source* na datos at masanay sa komunikatibong kasanayan. |
| ***Mga Repleksiyon:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari sa araw na ito. Mayroon bang mga bahaging higit pang nais maunawaan o tuklasin ng mga mag-aaral?*<br>*May mga nais bang ibahagi sa mga kapuwa guro, magulang, o mga pinuno ng paaralan* | |

| | |
|---|---|
| *tungkol sa naging karanasan sa silid-aralan? Anong tulong ang nais mo mula sa iyong tagapayong instruksiyonal? Maaaring isulat ang repleksiyon nang maikli, naka-bullet o sa paarang anotasyon.* | |


**Address:** Duran Street, Iloilo City, 5000
**Telephone Nos:** (033) 337-0149; 336-2816
**Email Address:** region6@deped.gov.ph
**Website:** region6.deped.gov.ph
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

## Halimbawa ng Banghay-Aralin sa Filipino 11-12

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **Pananaliksik** |
| **Asignatura / Mga Asignatura** | **Filipino** |
| **Nagdisenyo ng Aralin** | **Jefferson V. Torres**<br>*Senior Education Program Specialist*<br>*Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division*<br><br>Iniwasto ni: **Gaudencio Luis N. Serrano, Phd**<br>*Supervising Education Program Specialist, BLD-TLD* |
| **Baitang at Pangkat ng Dinisenyong Aralin** | **Baitang 11 at 12** |
| **Bilang ng mga Sesyon** | **Isang Linggo na may Apat na Sesyon na Tig-isang Oras**<br>(Espesyal na isang Linggong sesyon bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa) |
| **Mga Sanggunian**<br>*(mga aklat, website, toolkit, atbp.)* | Client challenge. (n.d.). https://www.scribd.com/document/712175935/Presentation-1#google_vignette<br>Diksiyonaryo.ph. (n.d.). Diksiyonaryo.ph. https://diksiyonaryo.ph/search/awdiyens?page=1<br>https://gemini.google.com<br>https://www.perplexity.ai<br>KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino. (n.d.). https://kwfdiksiyonaryo.ph/?query=kongklusyon |
| **Pagpapahayag ng Paggamit ng AI**<br>*Banggitin kung paano ginamit ang AI sa pagbuo ng banghay-aralin.*<br>Tingnan ang **DO 3 s. 2026 Annex A.** | Ginamit ang AI alinsunod sa DO 03, s. 2026 sa pagbuo ng mga larawan na ginamit sa aralin. |


| | |
|---|---|
| | |
| **Intensiyon: Mga Target na Layunin** | Nakasalalay sa pagdisenyo ng aralin ang pagkakaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Simulan ito sa pagtukoy kung ano ang mga target na layunin na nais malinang sa mga mag-aaral pagkatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at payak. **Tandaan:** Ang pagdisenyo ng aralin batay sa pag-unawa sa nagbabagong konteksto ng mga mag-aaral ay makatutulong upang matiyak na ito ay may kaugnayan at makabuluhan sa kanila. |
| ***Kasanayan sa Pagkatuto:*** <br><br> *Isulat ang/ang mga kasanayan sa pagkatuto ayon sa kurikulum na inaasahang malinang, gayundin ang mga pamantayang pangnilalaman at pagganap na angkop sa mga sesyon.* | **Baitang 11 – Mabisang Komunikasyon** <br> **Pamantayang Pangnilalaman** <br> Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamin sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at dihital na espasyo. <br><br> **Pamantayang Pagganap** <br> Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa social media; nakikilahok sa mga sitwasyong |


Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph
TÜV NORD ISO 9001
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

| | |
|---|---|
| | komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.<br><br>**Baitang 11/12 – Filipino 1 (Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino)**<br>**Pamantayang Pangnilalaman**<br>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.<br><br>**Pamantayang Pagganap**<br>Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan. |
| ***<u>Mga Layunin sa Pagkatuto:</u>***<br><br>Isulat ang mga tiyak na kaalaman, kasanayan o gawain batay sa mga target na kasanayan sa pagkatuto na inaasahang malilinang sa mga mag-aaral at maipamamalas pagkatapos ng sesyon. | **Unang Termino**<br>**Baitang 11**<br>e. Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o bias sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural (hal. social media post, podcast, art exhibit, pista o festival)<br>f. Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, turn-taking, pagbibigay ng kumpirmasyon o back-channeling, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan).<br>g. Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin. |

Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| | h. Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal, interpersonal, sosyal, at kultural na konteksto na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.<br>**Baitang 11/12**<br>a. Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon batay sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan<br>b. Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino |
| ***Konteksto ng mga Mag-aaral:***<br>*Isulat ang mga obserbasyon sa inyong mga mag-aaral at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto. Isama ang mga kalakasan, interes, at posibleng hadlang sa pagkatuto.* | |
| **Linang: Makabuluhang Danas sa Pagkatuto** | Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na idinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at interkasiyon ay binuo tungo sa isang makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at interaksyong makatutulong sa mga mag-aaral na magtamo ng kaalaman, kasanayan, o maparaang pag-unawa. |
| ***Bago ang Aralin:***<br>Ilarawan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na maging handa sa aralin. | **Unang Araw**<br>6. Pagbati.<br>7. Titiyakin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng estratehiyang 1-2-3. Maaaring maghanda ang guro ng mga simpleng tanong at sasagutin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng bilang 1,2, at 3.<br>8. Matapos nito'y tatawag ang guro ng mag-aaral na babasa ng pamantayan ng Ai-saliksik. |

| | |
|---|---|
| | 9. Ipagawa: Ipabasa sa mga mag-aaral ang iba't ibang napapanahong artikulo. Marapat na ang mga babasahing teksto ay nauugnay sa tema ng Buwan ng Wika. Halimbawang artikulo:<br>a. (Pananaliksik) sa AI at ang Akademikong Pagganap sa Filipino ng mga Mag-aaral (https://tinyurl.com/53skfzbt)<br>b. (Pananaliksik) Paggamit ng AI sa Pagkatuto ng Wikang Filipino (https://cognizancejournal.com/vol5issue5/V5I599A7.pdf)<br>10. Itanong:<br>• Ano ang sentrong isyu o suliranin na ipinakita ng bawat artikulo?<br>• Ano ang mga pangunahing ebidensiya o datos na ginamit ng may-akda sa bawat artikulo upang suportahan ang kanilang punto?<br>• Batay sa nilalaman at tono ng parehong artikulo, ano ang mas malawak na pangkalahatang tema na maaaring pag-ugnayin sa mga teksto?<br>11. Iproseso ang gawain. |
| ***Daloy ng Aralin:***<br>Ilarawan ang mga gawaing maaaring isagawa sa isa o higit pang sesyon upang matamo ang mga layunin sa pagkatuto.<br>*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa sumusunod:*<br>• *gawing malinaw ang mga layunin ng aralin para sa mga mag-aaral;*<br>• *gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang gumanap sa mga gawain nang mag-isa;* | **Ikalawang Araw**<br>1. Itanong sa mga mag-aaral, mula sa ating ginawa kahapon, ano kaya ang ating aralin at inaasahang matamo? (Magkaroon ng malayang pagpapahayag ng mga idea).<br>2. Magkaroon ng munting talakayan at pagpapalitan ng kuro-kuro ukol sa mga sumusunod na larawan<br> |

- *suriin ang kalagayan, pag-unawa, at antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa aralin;*
- *iugnay ang mga bagong konsepto sa mga nalinang na mga kasanayan;*
- *hikayatin ang pagkakaroon ng kolaborasyon sa mga mag-aaral;*
- *anyayahan ang mga mag-aaral na pagnilayan ang halaga ng aralin sa kanilang sarili*
- *tiyakin ang pagtanggap o ingklusyon sa mga mag-aaral na magkakaiba ang kakayahan, estilo ng pagkatuto, at konteksto.*




Ang mga larawan ay kinuha mula sa gemini.ai

3. Hatiin ang klase sa apat. Hayaan silang makapag-hanap ng mga saliksik o iba pang artikulo na susuporta sa temang "Ang Hinaharap ng Kaalaman sa Panahon ng Dihital". Maaari ang guro'y magbigay ng mga artikulo na uugnay sa temang sinaad.
4. Matapos nito'y magkaroon ng munting *symposium* sa bawat pangkat. Sa pagbuo nito, magtalaga ng mga sumusunod na miyembro:
   a. Tatayong Eksperto
   b. Media na siyang magtatanong sa eksperto
   c. Taga-ulat na siyang gagawa ng naratibo
   d. Moderator o Tagpamagitan
   e. Audience o tagapanood
5. Ang bawat tatayong eksperto ay lilipat sa ibang pangkat upang magbahagi ng kaniyang kaalaman. Susundan din ng bawat miyembro ang paraan ng pagtatanong. Tatagal lamang ng 20 minuto ang nasabing gawain.

| | |
|---|---|
| | 6. Matapos ang gawaing ito, magkakaroon ng paglalahad ang guro mula sa mga natutuhan ng mga mag-aaral. Gagawin itong malayang pakikibahagi. |
| ***Mga Kagamitan sa Pagkatuto:***<br>*Itala ang mga kagamitan sa pagkatuto na makatutulong upang matamo ang mga layunin. Tiyuakin na magagamit at inklusibo para sa lahat.*<br><br>*Isama ang mga pagpipilian at alternatibong kagamitan para sa panahon ng kagipitan at iba pang pangangailangan.* | **Ikatlong Araw**<br>1. Magkaroon ng maikling pagbabalik-tanaw.<br>2. Tanungin ang mga mag-aaral ukol sa kanilang opinyon mula sa mga narinig na eksperto. Itanong:<br>a. Mula sa inyong mga kamag-aral na tumayong eksperto, kanino ka sumang-ayon? Bakit?<br>b. Kanino ka naman hindi sumang-ayon? Bakit?<br>3. Pagkatapos nito'y, italakay ang mga bahagi sa pagbuo ng posisyong papel.<br>**Ano ang posisyong papel?**<br>Ang posisyong papel ay isang akademikong sulatin na naglalahad ng paninindigan o opinyon ng may-akda tungkol sa isang isyu, at sinusuportahan ito ng mga ebidensya, paliwanag, at pangangatwiran upang mahikayat ang mambabasa.<br><br>**Mga Bahagi**<br>a. Pamagat – maikli at tuwirang nagsasaad ng isyu o paksa.<br>b. Panimula – ipinapakilala ang isyu at inilalahad ang tesis o posisyon.<br>c. Katawan – naglalaman ng mga argumento, patunay, at maaaring sagutin ang kabilang panig.<br>d. Kongklusyon – buod ng paninindigan at pangwakas na paglilinaw.<br>e. Sanggunian – talaan ng mga ginamit na pinagkunan, kung kinakailangan.<br>4. Magpagawa ng maikling posisyong papel mula sa kanilang mga nakalap na kaalaman at saloobin sa temang pinag-usapan.<br>5. Magkaroon ng talakayan nito sa klase. |

6. Bilang takdang-aralin, maghahanap ang mga mag-aaral ng iba't ibang artikulo o pananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyan at hinaharap na isyu ng Wikang Filipino lalong lalo na sa mundo ng Dihital na Ai.

**Ikaapat na Araw**

1. Magkaroon ng munting pagbabalik-tanaw.
2. Sabihin sa mga mag-aaral: Ngayong araw ay makikibahagi tayo sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at ang tema ay "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon". Kaya naman, magkakaroon tayo ng mahalagang gawain o timpalak sa araw na ito. Tingnan natin kung paano ninyo ilalapat ang inyong kasanayan sa pananaliksik at pagbuo ng isang makabuluhang proyekto.
3. Ipaliwanag ang mekaniks at rubriks sa gawain/timpalak.

| | |
|---|---|
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Ikaapat na Yugto (Baitang 11-12) |
| **KATEGORYA** | **AI- Saliksik** |
| **PAMANTAYANG PAGGANAP** | Nakabubuo ang mga mag-aaral ng isang makabuluhang proyektong nauugnay sa paggamit ng kasanayan sa pananaliksik gamit ang mga digital na kasangkapan at AI bilang katuwang sa pangangalap, pagsusuri, at paglalahad ng impormasyon habang nagpapakita ng etikal at responsableng paggamit ng AI. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip, Kolaborasyon at Digital Literacy |
| **DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES** | Audio-visual Media, Publishing and Printed Media |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **DESKRIPSIYON** | Ang AI-Saliksik ay isang timpalak na naglalayong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng makabuluhang proyekto gamit ang makabagong teknolohiya, kabilang ang AI, bilang katuwang sa pagbuo ng kaalaman. Bibigyan ang mga kalahok ng isang paksa o suliraning panlipunan, pang-edukasyon, pangkultura, o pangkapaligiran na kanilang susuriin at bibigyang-lunas sa pamamagitan ng mga kasanayang pananaliksik.<br><br>Gagamit ang mga kalahok ng AI tools bilang pantulong sa paghahanap, pag-oorganisa, at pagsusuri ng impormasyon. Gayunpaman, inaasahang maipakikita ng mga kalahok ang kanilang kakayahang magsuri, magberipika ng datos, at magbigay ng orihinal na interpretasyon at rekomendasyon. Matapos ang pananaliksik, ihaharap nila ang kanilang output sa isang oral presentation at sasailalim sa pagtatanong ng mga hurado. | |
| | **TEKNIKAL NA PANGANGAILANGAN** | | |
| | **A. MGA GAGAMITIN G KAGAMITAN** | Gagamitin ng mga Kalahok<br>• Laptop/ Tablet<br>• USB flash drive<br>• Personal na Internet | Manggagaling sa guro<br>• Suliranin o Paksa<br>• Panuto at rubrics<br>• Bond paper<br>• Ballpen at lapis<br>• Folders<br>• Lugar ng pagdarausan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | • Projector at screen (kung mayroon)<br>• Sound system (kung mayroon)<br>• Orasan<br>• Number identifier<br>• Mga sertipiko |
| | **B. LUGAR** | • Silid-aralan | |
| | **PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA** | | |

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| Kalinawan at Kabuluhan ng Suliranin | 20% |
| Kalidad at Kredibilidad ng Datos at Sanggunian | 20% |
| Kritikal na Pagsusuri at Paglalapat ng Impormasyon | 25% |
| Inobasyon at Responsableng Paggamit ng AI | 15% |
| Presentasyon at Pagtugon sa mga Tanong | 20% |
| **Kabuuan** | **100%** |

**GABAY SA PALIGSAHAN**

| | |
|---|---|
| | 1. Ang bawat kalahok o pangkat ay maaaring mag-isip ng pamagat mula sa mga nakalap na datos.<br>2. Magkakaroon ng itinakdang oras para sa pangangalap at pagsusuri ng datos gamit ang AI at iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian.<br>3. Dapat malinaw na maitala at maipaliwanag ng kalahok kung paano ginamit ang AI sa proseso ng pananaliksik.<br>4. Ang output ay maaaring research brief, concept paper, policy recommendation, o infographic report. Ang guro ay maaari ring mag-isip ng iba pang alternatibong gawain kung hindi kakayanin ng oras. Siguraduhin na naaayon sa proseso ng pananaliksik ang mabubuong awtput.<br>5. Pagkatapos ng paghahanda, magkakaroon ng oral presentation at open forum kasama ang mga tatayong hurado.<br>6. Mahigpit na ipinagbabawal ang direktang pagkopya ng AI-generated content nang walang pagsusuri, pagberipika, at wastong pagkilala sa pinagmulan. |
| ***Mga Pagkakataon para sa Integrasyon:***<br>*Ilahad ang anumang mga posibleng pagkakataon na makabuluhang maiugnay ang aralin sa ibang asignatura, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | • Ang gamit ng *AI* sa pagkatuto ng Wikang Filipino<br>• Dihital at teknolohikal na kasanayan<br>• Suliraning Panlipunan at Sosyal na Kamalayan |
| **Awtentikong Pagtataya: Pagsubaybay sa Pag-unlad** | Ipinakikita ng pagtataya kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pang tulong ang kailangan nila. Nakatutulong ang mga ito sa pagbibigay ng impormasyong gagabay sa pagtuturo sa hinaharap. |

| | |
|---|---|
| ***Pormatibong Pagtataya:***<br>*Bumuo ng mga gawain o mga tanong upang mataya ang pagkatuto at makapagbigay ng feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makahihingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.*<br>*Tandaang magbigay nang nararapat na akomodasyon/panahon/pagkakataon upang maipamalas ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa/pagkatuto (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, mga opsiyon na pang-maliliit na pangkat at/o mga suportang biswal o pandinig).* | Ang awtentikong pagtataya sa isang linggong araling ito ay ang mismong pagtatanghal o pagpapamalas ng mag-aaral ng kanilang pagganap sa AI-Saliksik. Gagamitin ang ibinigay na rubrik upang mataya ang pagpapamalas ng husay at galing ng mga mag-aaral sa kasanayang pananaliksik. |

| | |
|---|---|
| **Wagas na Pag-unlad: Hakbang sa Pagsulong** | *Nagaganap din ang makabulugang pagkatuto sa labas ng silid-aralan—sa parehong mag-aaral at sa guro.*<br><br>*Huminto at magnilay nang wagas sa mga nangyari sa araw na ito tungo sa patuloy na pagsulong.* |

| | |
|---|---|
| ***Mga Pagkakataon para sa Pinalalawak na Pagkatuto:***<br>*Magmungkahi ng iba pang karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan/oras ng klase na maaaring magamit ng mga mag-aaral upang mapalalim o mapatatag ang kanilang natutuhan, higit pang mapukaw ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa mga bahaging o sitwasyong nahihirapan sila.* | 1. Sa bahaging ito magkakaroon ng pagbibigay ng interaktibong pagbibigay ng feedback sa isinagawang pagtatanghal. Ang resulta sa bahaging ito ang magiging daan sa pagpapaunlad pa sa pagganap ng mga mag-aaral sa susunod na mga gawain. |
| ***Mga Repleksiyon:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari sa araw na ito. Mayroon bang mga bahaging higit pang nais maunawaan o tuklasin ng mga mag-aaral?*<br>*May mga nais bang ibahagi sa mga kapuwa guro, magulang, o mga pinuno ng paaralan tungkol sa naging karanasan sa silid-aralan? Anong tulong ang nais mo mula sa iyong tagapayong instruksiyonal?*<br>*Maaaring isulat ang repleksiyon nang maikli, naka-bullet o sa paarang anotasyon.* | |